Republika ng Pilipinas
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**Siyudad ng Maynila**

********************

REGULAR NA PULONG BLG. 76

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

********************

**Nagsimula at ginanap sa Sangguniang Panlungsod noong Martes, ika-22 ng Agosto, Dalawang Libo Dalawampu't Dalawa**

# KAUTUSAN BLG. 8982

**ISANG KAUTUSANG** NAGPAPANGALAN SA BULWAGANG PULUNGAN KAY DATING PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD DANILO "DANNY" B. LACUNA, BILANG PAGBIBIGAY ALA-ALA SA KANYANG NATATANGING KONTRIBUSYON SA LUNGSOD NG MAYNILA AT SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MAYNILA

MGA PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo, **KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. ELMER M. PAR, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL**, Pansamantalang Punong Mayorya, KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. MARTIN V. ISIDRO, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO at KGG. DANIEL DAVE A. TAN

## TALA NG PAGPAPALIWANAG

Ang pagpapangalan sa mga gusali na pagmamay-ari ng pamahalaan sa nasasakupan ng Maynila ay hindi na bagong gawain upang alalahanin ang mga kontribusyon ng mga nagdaang lingkod-bayan na nagbigay ng natatanging pampublikong serbisyo sa pagkamit ng kaunlaran sa Lungsod ng Maynila. Ayon sa Aklat 1, Kabanata 2, Bahaging 13, (b) (5) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, "*the Sanggunian of highly urbanized cities may change the name of the public place or building owned by the city government within its territorial jurisdiction.*

Ang kasaysayan ng Pangalawang Punong Lungsod ng Pamahalaang Lokal ng Maynila ay nagsimula noong naipasa ang Batas Republika Blg. 409. Ang batas na ito ay nagbigay daan sa paggawa sa posisyon ng Pangalawang Punong Lungsod sa lokal na pamahalaan ng Maynila kung saan may pangunahing tungkulin na gampanan ang mga responsibilidad ng Punong Lungsod ng Maynila sa tuwing siya ay lumiliban, ibang tungkulin na iniatas ng Punong Lungsod o mandato ng alin mang batas o kautusan. Noong 1955, ang Pangalawang Punong Lungsod ay naging Tagapangulo ng Lupon ng Munisipalidad ng Maynila sa pamamagitan ng Batas Republika Blg. 1219. Subalit, ang operasyon ng Lupon ng Munisipalidad ng Maynila ay nahinto at nabuwag noong idineklara ang Batas Militar. Ito ay muling naisabalik pagkalipas ng matagumpay na *People Power Revolution* noong 1987, kung saan ang Lupon ng Munisipalidad ng Maynila ay nagkaroon ng panibagong pangalan bilang Sangguniang Panlungsod ng Maynila. Ang pagbabalik nito ay nagmarka bilang unang Sangguniang Panlungsod ng Maynila.

Ang dating Pangalawang Punong Lungsod Danilo B. Lacuna, ay nagsilbi sa Lupon ng Munisipalidad ng Maynila bilang Konsehal noong 1967 hanggang 1975 at Pangalawang Punong Lungsod noong 1970 hanggang 1971. Siya rin ay nagsilbi bilang kauna-unahang Pangalawang Punong Lungsod sa pagbabalik ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila mula 1988 hanggang 1992 kung saan pinangunahan niya ang pagsasabatas ng walumpu't apat (84) na kautusan. Pagkalipas ng kanyang termino bilang Pangalawang Punong Lungsod ng unang Sangguniang Panlungsod, siya ay muling nahalal bilang Pangalawang Punong Lungsod at tinapos ang kanyang tatlong magkasunod na termino noong 1998 hanggang 2007. Sa ilalim ng kanyang pamamahala sa ikatlo hanggang ika-anim na Sangguniang Panlungsod, pinangasiwaan niya ang pagsasabatas ng isang daan at walumpo (180) na kautusan na hanggang sa kasalukuyang panahon ay nananatiling epektibo at instrumento sa pagkamit ng kaunlaran sa Lungsod ng Maynila.

Ang dalawampu't-isang (21) taong mahusay na pamumuno ng dating Pangalawang Punong Lungsod Danilo B. Lacuna, mula Lupon ng Munisipalidad hanggang ika-anim na Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay nag-iwan ng hindi matatawarang ambag sa kasaysayan ng lehislatura ng Lokal na Pamahalaan ng Maynila. Kung kaya, ang pagbibigay pagkilala sa legasiya ni Kgg. Danilo B. Lacuna bilang isang pinagpipitaganang lokal na mambabatas ng Maynila sa pamamagitan ng pagpapangalan sa Bulwagang Pulungan bilang Bulwagang Danilo B. Lacuna ay nararapat upang patuloy na maisabuhay at mas pagyamanin pa ang kaniyang mga naiwang legasiya sa lokal na lehislatura ng Lungsod ng Maynila.

Ang legasiya ni Kagalang-galang Danilo "Danny" B. Lacuna ay mananatili sa puso't isipan ng bawat Manilenyo at higit na mag-iiwan ng marka sa mga susunod na henerasyon ng mga lokal na mambabatas.

Sa pagtala ng mga nabanggit, ang pagsasapasa ng Kautusan na ito ay lubos na inaasahan.

**KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Maynila

Kung kaya ngayon, ito ay ipinag-utos ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila, *NA:*

**BAHAGI 1. Pamagat.** - Ang Kautusan na ito ay tatawagin bilang "Kautusang nagbibigay pangalan sa Bulwagang Pulungan ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila bilang Bulwagang Danilo B. Lacuna".

**BAHAGI 2. Talaan ng mga Salita.** - Sa tulong ng mga talasalitaang ginamit sa Kautusan na ito, ang mga sumusunod ay naglalayong magbigay ng kahulugan bilang:

a. **Gusaling Panlungsod ng Maynila** - Tumutukoy sa pampublikong gusali ng Lungsod ng Maynila kung saan ang Punong Lungsod, Pangalawang Punong Lungsod, Konsehal, iba pang kawani ng Lungsod ng Maynila, at pampublikong tanggapan ng Lungsod ng Maynila ay lumalagi.

b. **Bulwagang Pulungan** - Tumutukoy sa lugar sa Gusaling Panlungsod ng Maynila kung saan ang pagpupulong ng mga kasapi ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay nagaganap.

**BAHAGI 3. Deklarasyon ng Patakaran.** - Idinedeklara ng Patakaran ng Lokal na Pamahalaan ng Maynila na kilalanin ang kontribusyon ng dating Pangalawang Punong Lungsod Danilo B. Lacuna, sa pamamagitan ng pagbibigay pangalan sa makasaysayang Bulwagang Pulungan pagkatapos sa kaniyang pangalan. Sa pamamagitan nito, ang Lungsod ng Maynila ay kinikilala at binibigyang halaga ang legasiya ng dating Konsehal at Pangalawang Punong Lungsod Danilo B. Lacuna, na nagbigay ng katangi-tanging serbisyong publiko sa sangay ng lehislatura ng lokal na pamahalaan ng Maynila sa loob ng dalawampu't dalawa (22) taon. Ito ay magsisilbing inspirasyon sa kamaynilaan, sa kasalukuyan at susunod na henerasyon ng lokal na mambabatas, at sa mga susunod na henerasyon ng Maynila.

**BAHAGI 4. Pagpapangalan ng Gusali.** - Ang Bulwagang Pulungan na matatagpuan sa ikalawang palapag ng gusaling Panlungsod ng Maynila, kung saan nagaganap ang pagpupulong ng mga kasapi ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila tuwing Martes at Huwebes, ay marapat na pangalanan bilang Bulwagang Danilo B. Lacuna.

**BAHAGI 5. Sugnay na Nagpapahiwalay.** - Kung ang alinmang bahagi o probisyon ng kautusan na ito ay makitaan o idineklarang hindi wasto o labag sa konstitusyon ng Pilipinas, ang ibang probisyon na hindi apektado ay sa gayong mananatili nang buong puwersa at epektibo.

**BAHAGI 6. Sugnay na Pagpapawalang bisa.** - Anumang kautusan, mga alituntunin at regulasyon na nakakaapekto o hindi naaayon sa kautusang ito, ay ipinawawalang bisa o marapat lamang baguhin nang naaayon sa Kautusang ito.

**BAHAGI 7. Sugnay ng Pag-iiral.** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa pagkaraan ng labinlimang (15) araw pagkaraan ng kanyang pagkalathala sa dalawang (2) pahayagan na mayroong lokal na sirkulasyon.

Ang Kautusang ito ay naisabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila noong ika-22 ng Agosto 2023.

PINANGUNAHAN NI:

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

PINATUNAYAN NI:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

INAPRUBAHAN NG KAGALANG-GALANG NA PUNONG LUNGSOD, SA ARAW NG OCT 13 2023.

**MARIA SHEILAH "Honey" H. LACUNA-PANGAN, MD, FPDS**
Punong Lungsod
Lungsod ng Maynila

NAGPATUNAY:

**ATTY. MARLON M. LACSON**
Kalihim ng Punong Lungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs